

Mga Kaayusan sa Pagpasok Para sa mga Klaseng K1 sa mga Kindergarten ng Pampaaralang Taon ng 2017/18

Panimula

- Ipatutupad ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) ang “Iskema ng Libreng May Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten (KG)” (pagkatapos nito ay tinutukoy bilang “Iskema ng Edukasyon sa KG”) na may epekto mula sa pampaaralang taon ng 2017/18 upang palitan ang umiiral na “Iskemang Voucher sa Pre-primarya na Edukasyon” (na pagkatapos nito ay tinutukoy bilang “PEVS”).
- Sa ilalim ng bagong Iskema, ipagpapatuloy ng EDB na ipatupad ang mga kaayusan sa pagpasok para sa mga Klase ng K1 sa mga KG para sa pampaaralang taon ng 2017/18 (pagkatapos nito ay tinutukoy bilang “Mga Kaayusan sa Pagpasok sa K1 ng 2017/18”) na may layuning mapadali ang maayos na pagpapatakbo ng proseso ng pagpasok ng mga KG at tulungan ang mga magulang na makumpirma nang maaga ang lugar sa KG para sa kanilang anak.
- Ang mga magulang na nagnanais na mag-aplay para sa isang lugar sa K1 para sa kanilang anak sa pampaaralang taon ng 2017/18 ay dapat sumunod sa pamamaraan na nakalagay sa ibaba. Ang pamamaraan ay mailalapat para sa lahat ng mga KG na kasama sa “Iskema ng Edukasyon sa KG.”

Pamamaraan

- Upang iayon sa pagpapatupad ng “Iskema ng Edukasyon sa KG,” mag-iisyu ang EDB sa bawat karapat-dapat na mag-aaral ng isang Sertipiko ng Pagpapatala Para sa Pagpasok sa KG (pagkatapos nito ay tinutukoy bilang “2017/18 RC”) upang palitan ang “Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat” (Voucher) bilang dokumento ng pagpapatala para sa K1 sa pampaaralang taon ng 2017/18.
- Ang mga magulang ay kinakailangang mag-aplay sa EDB para sa “2017/18 RC” mula Setyembre hanggang Nobyembre 2016.
- Dapat isumite ng mga magulang ang kanilang aplikasyon para sa “2017/18 RC” sa EDB sa o bago ang Nobyembre 30, 2016. Kung hindi, ang “2017/18 RC” ay, sa pangkalahatan, hindi maiisyu bago ang “mga petsa ng sentralisadong pagpapatala” para sa pagpapatala sa K1 kahit na ang mag-aaral ay karapat-dapat para sa aplikasyon para sa “2017/18 RC.”
- Dapat maunawaan ng mga magulang mula sa mga KG ang tungkol sa kanilang mekanismo sa pagpasok na nakabatay sa paaralan, kasama ang pamamaraan, pamantayan, mga kaayusan sa panayam, bayarin sa aplikasyon, atbp. Dapat silang kumuha ng application form at isumite ang aplikasyon para sa pagpasok ayon sa mga kinakailangan na tinukoy ng mga indibiduwal na KG.
- Ang mga KG ay magpapabatid sa mga magulang ng resulta ng aplikasyon bago ang ika-23 ng Disyembre 2016.
- Mula sa pagkatanggap ng (mga) abiso ng pagpasok, ang mga magulang, pagkatapos ng masinop na pagsasaalang-alang, ay dapat pumili ng isang KG para sa pagpapatala. Sila ay kinakailangang magsumite ng “2017/18 RC” at magbayad sa pagpapatala sa KG upang makumpleto ang proseso ng pagpapatala sa pagitan ng 12 at 14 ng Enero 2017 (o “mga petsa ng sentralisadong pagpapatala”). Ang hakbanging ito ay upang maiwasan ang pag-iipon ng higit sa isang lugar ng isang aplikante sa anumang parehong pagkakataon, na makaaapekto sa ibang mga aplikante.
- Ang EDB ay mag-iisyu ng impormasyon ukol sa mga bakante sa K1 mula sa katapusan ng Enero 2017 pasulong (o pagkatapos ng “mga petsa ng sentralisadong pagpapatala”). Kung kinakailangan, ang mga magulang ay maaaring kumuha ng impormasyon sa pamamagitan ng website ng EDB, mga Tanggapan ng Panrehiyong ng Edukasyon, at hotline ng EDB.

Sino ang karapat-dapat na mag-aplay?

- Ang mga mag-aaral-aplikante ay dapat na:
 - (a) mga residente ng Hong Kong na may karapatang manirahan, karapatang lumapag/dumaong, o may bisa ang permiso na manatili nang walang anumang kondisyon sa pananatili (maliban sa hangganan ng pananatili) sa Hong Kong; at
 - (b) ipinanganak noong o bago ang Disyembre 31, 2014.
- Kung ang mga mag-aaral ay mag-aaral ng K2 o K3 sa mga KG na kasama sa “Iskema ng Edukasyon sa KG” sa pampaaralang taon ng 2017/18 at sila ay inisyuhan ng Voucher sa ilalim ng PEVS, hindi nila kinakailangang mag-aplay para sa “2017/18 RC.”

Saan makakukuha ng application form?

- Ang mga application form at mga tala ng pamamatnubay ay makukuha sa mga Tanggapan ng Pandistrito, Mga Tanggapan ng Koreo, at mga Panrehiyong Tanggapan ng Edukasyon ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB). Maida-download din ang mga ito mula sa website ng EDB (www.edb.gov.hk).

Paano ibalik ang mga nakumpletong application form?

- Ang mga aplikante ay maaaring magpadala ng nararapat na nakumpletong application form kasama ang mga kopya ng mga kinakailangang sumusupportang dokumento ng pagkakakilanlan sa Kawanihan ng Edukasyon, P.O. Box 23179, Wan Chai Post Office, Hong Kong.
- Bilang kahalili, ang mga aplikante ay maaaring maglagay ng lahat ng mga naaayong dokumento sa isang sobrang selyado at napangalanang “Aplikasyon Para sa Sertipiko ng Pagpapatala Para sa Pagpasok sa Kindergarten (2017/18)” at ihulog sa kahon na paghuhulugan sa tanggapan ng EDB sa 14/F, Wu Chung House, 213 Queen’s Road East, Wan Chai, Hong Kong.

Kailan ibalik ang mga application form?

- Ang aplikasyon para sa “2017/18 RC” ay magbubukas simula Setyembre 2016.


Kailan makukuha ang resulta ng aplikasyon?

- Mula sa pagkatanggap ng mga aplikasyon at lahat ng mga kinakailangang impormasyon at mga dokumento, ang EDB sa pangkalahatan ay umaabot ng anim hanggang walong linggo bago matapos ang pagpoproseso ng mga aplikasyon at maisyu ang “2017/18 RC” sa karapat-dapat na mga aplikante sa pamamagitan ng koreo.

Mga Katanungan

- Para sa mga detalye ng “Mga Kaayusan sa Pagpasok sa K1 ng 2017/18” at aplikasyon para sa “2017/18 RC,” mangyaring bisitahin ang website ng EDB (www.edb.gov.hk) o tawagan ang EDB sa 3540 6808 / 3540 6811, o ang 24-oras na awtomatikong sistema ng pagtatanong sa telepono sa 2891 0088.
- Ang mga magulang ay maaari ring tumawag sa mga Panrehiyong Tanggapan ng Edukasyon ng EDB o sa Katuwang na Tanggapan Para sa mga Kindergarten at mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (ang mga numero ng telepono ay matatagpuan sa website ng EDB: www.edb.gov.hk).

Flowchart ng mga Kaayusan sa Pagpasok Para sa mga Klaseng K1 sa mga Kindergarten ng Pampaaralang Taon ng 2017/18



1. Kung ang mga magulang ay hindi makapagrepresenta ng “2017/18 RC” sa KG na kung saan nakapasok ang kanilang anak sa panahon ng “mga petsa ng sentralisadong pagpapatala,” ang kinaukulang KG ay maaaring hindi matapos ang pagpapatala para sa kanilang anak. Dahil dito, ang mga magulang ay kinakailangang magsumite ng aplikasyon sa EDB sa loob ng itinalagang panahon.

2. Kung ang isang aplikante ay ipinasok pagkatapos ng “mga petsa ng sentralisadong pagpapatala,” siya ay kinakailangan pa ring magsumite ng “2017/18 RC” para sa pagpapatala. Kung ang aplikante ay nagnanais na magpalit ng paaralan matapos makapagpapatala sa isang KG, kinakailangan niyang kunin muli ang “2017/18 RC” mula sa KG kung saan siya ay nakapagpapatala. Sa muling pagkuha ng “2017/18 RC” mula sa KG, ang kinaukulang KG ay hindi na irereserba ang lugar para sa aplikante. Ang bayarin sa pagpapatala na ibinayad sa KG na siyang ipinagpapatala ng aplikante ay karaniwang hindi isinasauli.